## Mga Tanong at Sagot Tungkol sa mga Markang Letra

### Gaano ako kadalas makakatanggap ng report card para sa aking anak?

Mayroong 3 pormal na panahon ng pagreport sa isang taon: sa bandang katapusan ng Fall, sa bandang simula ng Spring, at sa Hunyo.

Kadalasan mayroong 2 “parent-teacher conferences” (pag-uusap ng magulang at guro): isa sa Fall at isa sa Spring. Ilan sa mga eskwelahan ay nagpapadala rin ng interim o hindi pormal na mga report.

### Ano ang Parent-Teacher Conferences?

Ang mga magulang ay nakikipagkita sa guro upang pag-usapan ang progreso ng kanilang mga anak, magtakdâ ng mga layunin, at magpalitan ng impormasyon. Maaaring pag-usapan ng mga magulang ang anumang bagay na nakababahala sa kanila tungkol sa edukasyon ng kanilang anak.

Ang parent teacher conferences ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon para sa mga magulang na kausapin ang mga guro tungkol sa progreso ng kanilang anak

**Tingnan ang kalendaryo ng paaralan o newsletter para sa petsa ng bigayan ng report, petsa ng conference, at marami pang iba.**

### Bakit hindi binibigyan ng mga markang letra ang aking anak?

Ang mga mag-aaral ay hindi binibigyan ng mga markang letra kapag

- Sila’y nasa grade 3 o mas bata.
- Mahinang-mahina sila sa Ingles.
- Hindi nila maipakita ang kanilang pag-unawa sa pinag-aaralan sa Ingles sa kanilang grade level.

**“Common Questions About Letter Grades for ESL Students”**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Mga Karaniwang Katanungan Tungkol sa mga Markang Letra para sa mga Mag-aaral ng ESL/ELL



## Sino ang Binibigyan ng mga Markang Letra?

Ang markang letra ay ibinibigay sa karamihan ng mga mag-aaral na nasa grade 4 hanggang 12 na nakakatupad sa inaasahan sa grade level.

## Aling mga mag-aaral ang hindi binibigyan ng mga markang letra?

Ang mga mag-aaral sa Kindergarten hanggang Grade 3, mga mag-aaral sa espesyal na programa, at mga nagsisimulang mag-aaral ng ESL/ELL, ang hindi binibigyan ng mga markang letra.

## Anu-anong mga marka ang nakukuha ng mga mag-aaral ng ESL/ELL na nasa Grade 4 hanggang 12?

Kung natutupad ng mga mag-aaral ang mga inaasahan para sa grade level, binibigyan sila ng mga markang letra: A, B, C+, C, C- o kaya I.

Kung ang mga mag-aaral ay nagtratrabaho upang makamit ang mga inaasahan sa grade level, nakakatanggap sila ng asterisk, star, o N/A [hindi angkop].

Bibigyan din sila ng marka para sa gawing pangtrabaho, G, S, o N.

**G- Good (Mabuti)**
**S- Satisfactory (Kasiya-siya)**
**N- Needs Improvement (Kailangang Pahusayin)**

May karagdagang ESL/ELL Report na madalas isinasama sa mga report card sa mababang paaralan. Binabanghay nito ang progreso sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat ng Ingles.

## Hindi ba makakatapos ng high school o makapagpapatuloy sa kanilang edukasyon ang mga mag-aaral na kumukuha ng klase sa ESL/ELL?

Walang “age limit “ ang pagtatapos ng high school. Halos karamihan ng mga Board of Education ay nag-aalok ng mga programa sa pagtatapós ng high school para sa mga taong nasa gulang at para sa mga mag-aaral na mahigit sa 19 taong- gulang. Kausapin ang counsellor ng inyong anak kung ikaw ay nag-aalala.

## Mas mabuti ba para sa aking anak ang umalis kaagad sa ESL/ELL at pagtrabahuhan ang kanyang grade level?

Ang mga mag-aaral tumatanggap ng suporta sa ESL/ELL at nagdidebelop ng malakás na kakayahan sa wika ay mas mahusay sa klase ng kanilang antas na grado kesa sa mga umaalis nang mas maaga sa ESL/ELL.

Ipinapakita ng research na maaaring abutin ng 5 o mas maraming taon ang magdebelop ng wika na kinakailangan upang matagumpay na gawin ang trabahong pang-akademiko.

Ang masyadong maagang pag-alis sa suportang ESL/ELL ay maaaring magdulot ng matinding pag-alala sa mga mag-aaral at kadalasang nagpapabagal sa progreso at sa tagumpay ng mag-aaral.

Ang ESL/ELL support ay itinataguyod upang siguraduhing mahusay ang pundasyon sa kakayahang-Ingles na kinakailangan upang magtagumpay sa mga klase ng antas na grado.

Itinuturo ng suporta sa ESL/ELL ang wikang kinakailangan para sa mga asignatura tulad ng Math, Social Studies, at Science.

Ang matuto kasama ng ibang mga mag-aaral ng ESL/ELL ay tumutulong sa lahat sa pagtanggap na pati na rin ang iba ay dumadanas ng pare-parehong kahirapan.

Ang karamihan ng mga mag-aaral sa ESL/ELL ay pumapasok sa mga antas na grado para sa mga asignatura tulad ng PE, Art, at Music. Mas kaunti ang Ingles na kinakailangan sa mga klase na ito at madalas na mahusay ang mga mag-aaral dito.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- **Patuloy na idebelop ang pangunahing wika o ang wika sa bahay.**
- **Tandaan na napakalaki ang hamon na hinaharap ng iyong anak sa pakikipagkaibigan, emosyon at pag-aaral. Mag-celebrate at mag-alok ng suporta para sa kanyang tagumpay.**
- **Sumali sa mga programa sa komunidad at sa eskwelahan kasama ng iyong anak.**